Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagsulat ng tamang pang-angkop

Panuto: Isulat sa patlang ang tamang pang-angkop (*-ng*, *-g*, o *na*).

1. Nauuna ang pula_____ kotse sa karera.
2. May mga bahay_____ bato na nakatayo pa sa Vigan.
3. Limandaan_____ piso ang sinukli sa kanya ng kahera.
4. Nasuot mo na ba ang damit_____ regalo ng ninang mo?
5. Si Myra ay takot pumasok sa madilim_____ silid.
6. Ang Qatar ay isa sa mga pinakamayaman_____ bansa sa buong mundo.
7. Ang matamis_____ mangga ng Pilipinas ang paborito kong prutas.
8. Masyado_____ matao ang mga *mall* tuwing malapit na ang Pasko.
9. Dahil sa mataas na lagnat, dinala siya sa pinakamalapit_____ ospital.
10. Napakaganda ng ginto_____ singsing ng reyna!
11. May makapal_____ kumot sa loob ng luma_____ kabinet.
12. Bumili tayo ng mga sariwa_____ gulay mamaya_____ hapon.
13. Sa mahiyain_____ bata ibinigay ang bago_____ laruan.
14. Hinuli ng dalawa_____ pulis ang lalaki_____ magnanakaw.
15. Masagana_____ ani ang isa sa mga biyaya ng taon_____ nakalipas.
16. Napakarami_____ tao ang nanood ng pelikula ng sikat_____ artista.
17. Ang bata_____ inaantok ay humiga sa malambot_____ unan.
18. *T-shirt*_____ puti at maong ang karaniwan_____ suot ng mga mag-aaral.
19. Si Tina ay may buhok_____ mahaba at nakasuot ng puti_____ uniporme.
20. Marami_____ kanin ang gusto ko kapag masarap_____ ulam ang nakahanda.